COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-2 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

PANATILIHIN NIYO LANG ITO SAN DIEGO – BUMOTO NG MAAGA

Sa kulang-kulang na dalawang linggo na natitira para makaboto sa Ika-14 ng Setyembre na Gubernatoryal na Recall na Eleksyon sa California, ang opisina ng Tagapagrehisto ay nag-uulat na higit sa 553,776 na mga botante ng County ng San Diego ang nakapagboto na sa kanilang mga balota.

Kung kayo ay boboto gamit ang balotang pangkoreo na inyong natanggap, tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa pinagkakatiwalaang source. Maaari ninyong ibalik ito sa pamamagitan ng koreo, hindi kinakailangan ng selyo, o sa isa sa opisyal na 131 na mga lokasyon ng mail ballot drop-off ng Tagapagrehistro sa buong county.

I-check ang mga oras ng operasyon sa bawat lokasyon sa sdvote.com bago kayo pumunta. Ang mga lokasyon ng mail ballot drop-off at ang opisina ng Tagapagrehistro ay magsasara sa Lunes, Ika-6 ng Setyembre para obserbahan ang Labor Day.

“Kung alam ninyo kung paano ninyong gustong bumoto, markahan ang inyong balota at ibalik ito kaagad sa pinagkakatiwalaang source,” sabi ng Interim na Tagapagrehistro na si Cynthia Paes. “Kung mas maaga namin matatanggap ang inyong balotang pangkoreo, mas maaga namin itong mapoproseso. Ang inyong balota ay maaaring maisama sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon kung kayo ay kikilos ng maaga.”

Kung nais ninyong bumoto ng in-person ang opsiyon na iyon ay available din. Iwasan ang mga mahahabang linya at samantalahin ang maagang pagboto:

- Sa opisina ng Tagapagrehistro, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes (sarado ng Ika-6 ng Setyembre)
- Sa alinman sa isa sa 221 na mga lokasyon ng pagboto o sa opisina ng Tagapagrehistro na bukas mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon Sabado, Ika-11 ng Setyembre, Linggo, Ika-12 ng Setyembre at Lunes, Ika-13 ng Setyembre.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-2 ng Setyembre, 2021
Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Lahat ng mga lokasyon ng pagboto ay muling magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Martes, Ika-14 ng Setyembre.

Kung pinaplano ninyong i-drop off ang inyong balotang pangkoreo o bumoto ng in-person, hinihikayat namin kayong magsuot ng pantakip sa mukha, panatilihing may kumportable na distansya at iwasan ang pagtitipon tipon ng mga grupo.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa pagboto sa paparating na recall na eleksyon, bisitahin ang sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER